

# INTEGRATED EVACUATION PLANNING PARA SA MGA HURISDIKSIYON AT INDIBIDWAL NA MAY ACCESS AT FUNCTIONAL NEEDS

## CALIFORNIA GOVERNOR'S OFFICE OF EMERGENCY SERVICES

Cal OES
GOVERNOR'S OFFICE
OF EMERGENCY SERVICES

## Pasasalamat

Ninanais pasalamatan ng California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) Office of Access and Functional Needs (OAFN) ang iba't ibang community stakeholders at partners na tumulong upang maging matagumpay ang pagbuo sa produktong ito. Nais naming pasalamatan, higit sa lahat, ang kahusayan at pananaw na ibinigay ng mga sumusunod na miyembro ng Cal OES Access and Functional Needs (AFN) Community Advisory Committee:

| Pangalan | Tungkulin | Organisasyon |
|---|---|---|
| **Ana Acton** | Deputy Director, Independent Living and Community Access Division | California Department of Rehabilitation (DOR) |
| **Gina Biter-Mundt** | Community Advocate | |
| **Aaron Carruthers** | Executive Director | State Council on Developmental Disabilities (SCDD) |
| **Eric Dowdy** | Vice President, Public Policy (CA & NV) | Alzheimer's Association |
| **Sheri Farinha** | Chief Executive Officer | NorCal Services for Deaf & Hard of Hearing |
| **Robert Hand** | Interim Executive Director | California Foundation for Independent Living Centers (CFILC) |
| **Susan Henderson** | Executive Director | Disability Rights Education and Defense Fund |
| **Andy Imparato** | Executive Director | Disability Rights California (DRC) |
| **June Isaacson-Kailes** | Disability Consultant | |

| Pangalan | Tungkulin | Organisasyon |
|---|---|---|
| **Jordan Lindsey** | Executive Director | The Arc of California |
| **Jeanne Parker Martin** | President and CEO | LeadingAge California |
| **Cynthia Soto** | System Change Advocate | Communities Actively Living Independent and Free (CALIF) |
| **Jeff Thom** | President | California Council of the Blind |

Inilathala noong ika-8 ng Agosto 2023 ng California Governor's Office of Emergency Services.

## Mga Nilalaman

**Pasasalamat** .......... **2**

**Ehekutibong Pagbubuod** .......... **6**

**Panimula** .......... **7**

**Panimula** .......... **8**

Layunin .......... 8

Background .......... 8

Mga Batas sa Disability Integration .......... 8

**Section 1: Mga Best Practice sa Inclusive Planning** .......... **9**

Involvement ng AFN Advisory Committee sa Development Process .......... 10

Komunikasyon sa Panahon ng Evacuation Operation .......... 11

Planning .......... 11

Komunikasyon ng Evacuation Plan .......... 11

Disaster Registries .......... 12

Transportation at Evacuation Operations na Isinasaalang-alang ang AFN .......... 14

Pagpili ng mga Transportation Resources .......... 14

*Pagpili ng Transportation Provider .......... 15*

Kontrata at Transportation Provider .......... 16

Intra-Jurisdictional Contracts .......... 16

Kontrata sa mga Kalapit na Hurisdiksiyon .......... 16

**Section 2: Personal Planning para sa mga Indibidwal na may Access at Functional Needs** .......... **18**

Alamin ang mga Uri ng Emergency sa Iyong Rehiyon/Lugar .......... 18

Siguraduhing may Emergency Alerts Ka .......... 18

Gumawa ng Plano .......... 19

Gumawa ng Contact List .......... 19

Magplano sa Labas ng Iyong Immediate na Personal Support Network .......... 20

Paano Mag-evacuate .......... 20

Isama sa Plano ang Service Animal at Pets Mo ..... 21
Paghahanap ng Shelter ..... 21
Maghanda ng Go Bag ..... 23
Ihanda ang Bag Nang Mas Maaga ..... 23
Isama ang Mahahalagang Dokumento sa Go Bag Mo ..... 23
Magdala ng Cash sa Oras ng Evacuation (Small Denomination) ..... 25
Mga Bagay/Tips para sa mga Taong **Bingi o May Mahinang Pandinig** ..... 25
Mga Bagay/Tips para sa mga Taong **Bulag o Malabo ang Paningin** ..... 26
Mga Bagay/Tips para sa mga Taong may **Problema sa Pagsasalita (Speech Disability)** ..... 26
Mga Bagay/Tips para sa mga Taong may **Problema sa Pagkilos** ..... 26
Mga Bagay/Tips para sa mga Taong may **Sensory Disability** ..... 26
Mga Bagay/Tips para sa mga Taong may **Developmental Disability** ..... 27
Mga Bagay/Tips para sa mga Taong **Nangangailangan ng Medikasyon** ..... 27
**Konklusyon ..... 28**
**Appendix A – Checklist para sa Transportation Agreement ..... 29**
**Appendix B – Mga Acronym at Abbreviation ..... 32**
**Mga Sanggunian ..... 33**

# Ehekutibong Pagbubuod

Nagtutulungan ang California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) at ang Office of Access and Functional Needs (OAFN) nito sa mga community stakeholder upang alamin at isaalang-alang ang mga pangangailangan ng lahat ng mga Californian, kabilang na ang mga indibidwal na may access at functional needs (AFN), sa loob ng emergency management systems ng State.

Ang term na "access at functional needs" ay tumutukoy sa mga indibidwal na may kapansanang pisikal, intelektuwal at developmental disability, may chronic na kundisyon o sakit, may injury, may limitadong kaalaman ng wikang Ingles o kaya naman ay hindi nakakapagsalita ng wikang ito; matatanda; bata; mga taong namumuhay sa mga institusyon, o kaya naman ay may mababang pinagkakakitaan, walang tirahan, buntis o may problema sa pagbiyahe, kabilang na ang mga taong umaasa sa pampublikong transportasyon o kaya naman ay buntis.

Sa mga nagdaang panahon, ang mga kunsiderasyong ito na nauukol sa access at functional needs ay hindi lubos na naisaalang-alang sa loob ng mga lokal na Emergency Operations Plans (EOPs). At kaugnay pa dito ang kaalaman na ang mga indibidwal na may access at functional needs ay mas lubos na naaagrabyado sa panahon ng mga sakuna, ang kawalan ng integrated planning na ito ay naging dahilan ng pagkakaroon ng butas sa planning, na naging sanhi naman ng pagpanaw ng maraming buhay at lubos na paghihirap ng mga taong ito sa buong komunidad. Isa mga mga pinakamahalagang butas sa planning na ito ay ang kawalan ng mga kunsiderasyon para sa espesyal na emergency evacuation ng mga indibidwal na may access at functional needs bago, sa panahon, at pagkatapos na masalanta sila ng sakuna. Bilang hakbang upang masolusyunan ang butas sa planning na ito, nagpasa ang California ng mga batas na nagre-require sa mga nasasakupan nito na isaalang-alang ang mga kunsiderasyong nauukol sa access at functional needs sa kabuuan ng kanilang mga EOP, kabilang na dito ang evacuation section.

Ang dokumentong ito ay naglalayong magbigay sa mga lokal na nasasakupan ng California ng mga patnubay, tamang pamamaraan, at resources ng impormasyon na kakailanganin nila upang maging mas mabisa ang kanilang mga plano para sa maayos na evacuation ng mga indibidwal na may access at functional needs sa panahon ng mga sakuna. Kasama rin dito ang mga tool na maaaring gamitin ng mga nasasakupan ng California upang makapaghatid ng

integrated evacuation operation sa lahat ng mga miyembro ng komunidad, kabilang na ang mga indibidwal na may access at functional needs, at makikipagtulungan sila sa kanilang mga partner katulad ng mga transportation provider.

Gayundin, matatagpuan sa loob ng dokumentong ito ang mga resources na maaaring gamitin ng mga indibidwal na may access at functional needs upang makagawa sila ng mga personal na evacuation plan upang mas masiguro nila ang kanilang kaligtasan, seguridad, at kalusugan, bago at sa panahon ng pagtama ng sakuna.

## Panimula

Mas nagiging madalas, mas malawak ang saklaw at nakararating sa mas malalayong lugar ang mga natural na kalamidad at sakunang gawa ng tao. At dahil dito, mas nagiging kumplikado sa mga awtoridad na mapanatiling ligtas ang mga buhay, kaligtasan, at kaginhawaan ng lahat ng miyembro ng ating lipunan. Kailangang magkaroon ng plano at tamang pagtugon sa mga kumplikadong sitwasyong ito ang mga lugar na nasasakupan ng komunidad, at isama sa kanilang aksiyon ang mga inclusive at integrated na pamamaraan na nakatutulong upang patatagin ang komunidad. At ito ay nangangailangan ng kooperasyon mula sa lahat ng miyembro ng komunidad. Napakahalaga rin ng kusa at sariling pagpaplano ng mga indibidwal at ang pag-ako ng kanilang responsabilidad upang mas maging mainam ang kanilang personal na paghahanda sa sakuna.

At kapag nakipagtulungan ang mga emergency manager sa mga miyembro ng komunidad upang makamit ang kooperasyong kailangan upang maging mas matatag ang komunidad sa panahon ng sakuna, nagiging mas handa ang bawat isa, kasama na ang mga taong may access at functional needs.

Ang mga highlight ng dokumentong ito ay ang mga inclusive na practice at procedure na dapat isagawa ng mga hurisdiksiyon o lugar na nasasakupan ng komunidad at ng mga indibidwal upang maging matagumpay ang mga isinasagawang evacuation operation bago, sa panahon, at pagkatapos na tumama ng kalamidad.

# Panimula

## Layunin

Ang layunin ng dokumentong ito ay upang bigyan ng kakayahan ang mga lokal na hurisdiksiyon at mga taong may access at functional needs na makagawa ng kumpleto at inclusive na emergency evacuation plan na magiging kapaki-pakinabang sa buong komunidad.

## Background

Ang mga evacuation plan at sistema na ginagamit ng mga lugar na nasasakupan ng komunidad ay karaniwang pinag-isipan at binuo ng, at para sa mga taong nakakalakad at nakakatakbo. Ang mga taong limitado ang pagkilos o may access at functional needs ay karaniwang hindi naisasaalang-alang sa mga proseso ng pagpaplanong ito. Ang kawalan ng inclusive planning na ito ay naging sanhi ng pagkakaroon ng butas sa iba't ibang paraan ng pagtugon ng mga hurisdiksiyon sa mga problemang dala ng emergency evacuation sa buong komunidad. Ang pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga indibidwal na may access at functional needs at ang pagsasagawa ng plano kung saan isinasaalang-alang ang mga ito, ay napakahalaga upang makamit ang inclusive at matagumpay na evacuation plan at operasyon.

## Mga Batas sa Disability Integration

Sa Rehabilitation Act ng 1973 at sa Americans with Disabilities Act (ADA) ng 1990, malinaw na inaatas ng mga ito ang pagbibigay ng pantay na access para sa mga taong may kapansanan. Kasama dito ang mga programa at gawaing isinasagawa o binibigyan ng pondo ng federal, state o local government. Ang inclusive evacuation planning ay kinakailangan na i-adjust upang maging aligned ito sa mga equal access requirement.

Ayon sa mga korte, hinihingi ng ADA sa mga hurisdiksiyon na:

- Isama ang mga access at functional needs stakeholder sa mga proseso ng pagpaplano ng emergency management

- Isaalang-alang ang mga indibidwal na may access at functional needs sa emergency planning na may kinalaman sa pagkawala ng kuryente, lindol, at wildfire
- Gumamit ng mga accessible na alerting strategy
- Magbigay ng accessible na transportasyon sa mga emergency evacuation

Sa pamamagitan ng California Assembly Bill 2311 (Brown, Chapter 520, Statutes of 2016), ipinasa ang Government Code section 8593.3, na nagre-require sa mga nasasakupan ng komunidad na, sa susunod na update ng kanilang EOP, kailangan nilang isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga taong may access at functional needs sa mga section nito, katulad ng evacuation/transportation section.

Sa mga susog na ipinasa ng California Assembly Bill 477 (Cervantes, Chapter 218, Statutes of 2019) sa California Government Code section 8593.3, nire-require nito sa bawat county na siguraduhing sila ay nagpaplano <u>*kasama*</u> ang komunidad, at hindi lang <u>*para*</u> sa komunidad, sa pamamagitan ng pagre-require sa mga hurisdiksiyon na isama ang mga kinatawan mula sa populasyon ng mga taong may access at functional needs, sa susunod na regular na update ng kanilang EOP. Ito ay nangangahulugan ng pagsisigurong ang mga indibidwal na may access at functional needs ay bahagi ng bawat hakbang ng development process ng plano.

Ang pangkalahatang layunin ng A.B. 2311 at A.B. 477 ay ang masiguradong isinasama ng mga emergency manager at planner ang mga pagsasaalang-alang na may kinalaman sa mga komunidad, stakeholder at partners sa kanilang pagbuo ng EOPs bilang paraan ng pagtugon sa mga pangangailangan ng mga taong may access at functional needs bago, sa panahon, at pagkatapos ng pagtama ng sakuna.

## Section 1: Mga Best Practice sa Inclusive Planning

Dapat buuin ng mga hurisdiksiyon ang kanilang evacuation plan nang may pagtutulungan mula sa mga stakeholder ng buong komunidad. Inirerekomenda ng Cal OES sa bawat hurisdiksiyon na bumuo ng opisyal na Access and Functional Need (AFN) Advisory Committee, na kasama ang mga kinatawan ng buong komunidad na nakikipagtulungan sa non-government agencies, community-

based organizations (CBOs) na tumutulong sa mga taong may access at functional needs, disability organizations, community advocates, at mga taong may karanasan sa pamumuhay ng mga indibidwal na may access at functional needs. Sa pamamagitan ng paggamit ng inclusive process, masisigurong ang mga hurisdiksiyon ay nagpaplano nang kasama ang komunidad, at hindi lang para sa komunidad, at mas nagiging mainam ang pagbuo ng mga produkto at stakeholder buy-in.

## Involvement ng AFN Advisory Committee sa Development Process

Kailangang isama ng mga hurisdiksiyon ang kanilang AFN Advisory Committee sa buong planning development cycle, at hindi lang sa huling bahagi nito para sa final review at komento. Ang pagbibigay ng tamang oras upang ipaliwanag, makipagtulungan, at kumuha ng mahahalagang feedback sa buong planning process ay mahalaga sa pagkakaroon ng magandang outcome para sa buong komunidad.

> Kailangang isama ng mga hurisdiksiyon ang kanilang **AFN Advisory Committee** sa buong evacuation

Kabilang sa iba pang benepisyo ng inclusive planning ay ang:

- Mas mababang bilang ng buhay na nawawala at mas naiibsan ang paghihirap bago, sa panahon, at pagkatapos ng sakuna
- Mas lumalawak ang pang-unawa sa mga nangyayari sa hurisdiksiyon at sa populasyon nito
- Napapalakas ang kakayahan ng komunidad na tumulong sa panahon ng sakuna
- Pagbuo ng relasyon na batay sa pagtitiwala sa pagitan ng mga emergency manager at komunidad
- Pagsulong at pag-promote ng mas mainam na personal preparedness

Kapag isinaalang-alang sa mga plano ang mga opinyon, pananaw, at feedback ng mga indibidwal at organisasyong siyang paksa ng plano, mas malamang na tatanggapin at gagamitin ng mga stakeholder ang mga planong ito. Sa inclusive planning process, nabubuo rin ang mga relasyon at mga pamamaraan ng operasyong maaaring gamitin sa isang emergency.

## Komunikasyon sa Panahon ng Evacuation Operation

*Planning*

Bilang bahagi ng evacuation plan, kailangang maunawaan ng mga emergency manager, service provider, at mga indibidwal sa loob ng komunidad ang proseso na inilagay upang masigurado ang pagkakaroon ng accessible na transportasyon sa evacuation sa panahon ng kalamidad. Kailangang malinaw at consistent ang prosesong ito at kailangang ipaalam sa buong Emergency Operations Center (EOC) at sa komunidad, at gayundin, sa mga partner.

Kailangang masigurado rin ng mga communication plan ang pagkakaroon ng nasa oras at regular na paghahatid ng epektibong impormasyong nauukol sa evacuation.

Dapat gamitin ng mga hurisdiksiyon ang kanilang AFN Advisory Committee upang palawakin, pagbutihin, at i-validate ang mga strategy nila para sa komunikasyon, evacuation, at transportasyon.

Habang isinasagawa ng mga hurisdiksiyon ang socialization, operasyon, at pagbibigay ng impormasyon ukol sa kanilang mga evacuation plan bago at sa panahon ng sakuna, kailangan nilang gumamit ng accessible na paraan ng pagpapadala ng mensahe at komunikasyon.

*Komunikasyon ng Evacuation Plan*

Upang masiguradong alam ng komunidad kung paano sila magkakaroon ng access sa mga transportasyon, kailangang gumamit ang mga hurisdiksiyon ng iba't ibang paraan ng komunikasyon, kabilang ang:

- Posts sa social media
- Emergency alerts, warnings, at notifications
- Press conferences
- Town halls
- Digital billboards/message signs

Upang masiguradong ang impormasyon ukol sa evacuation na ibinibigay ng mga hurisdiksiyon ay nauunawaan at ginagamit ng buong komunidad, kailangang isaalang-alang sa messaging ang mga sumusunod:

- American Sign Language (ASL)
- Simple, malinaw, at maigsing komunikasyon
- Iba't ibang wika
- 508 Compliance
- Alt text, color contrast, reading order, at headings
- Accessible na graphic design at layout

### *Disaster Registries*

Ang ilang mga lokal na hurisdiksiyon ay gumagawa ng kanilang evacuation plan alinsunod sa kanilang local disaster registries. Ang konsepto ng paggagawa ng boluntaryong disaster registry ay napakasimple – isang listahan ng mga indibidwal na nangangailangan ng karagdagang tulong sa panahon ng kalamidad, na maaariing gamitin ng gobyerno upang maghatid ng tulong sa oras ng pagtama ng sakuna. Gayunpaman, mahalagang tandaan na ang mga registry ay kadalasang nagbibigay ng false sense of security; naniniwala silang dahil nasa listahan sila, makakatanggap sila ng karagdagang resources o kaya naman ay mabibigyan sila ng priority ng response service sa panahon ng emergency. Ang maling paniniwalang ito ay mapanganib at maaaring maging dahilan upang sila ay hindi sapat na maghanda sa panahon ng sakuna.

> Nagbibigay ang mga registry sa mga taong nakarehistro dito ng **false sense of confidence** na dahil nasa listahan sila, makakatanggap sila ng karagdagang resources o magiging priority sila ng response service sa panahon ng emergency.

Bilang tugon sa hindi pagkakaunawaang ito, kailangang malinaw na sabihin ng mga lokal na gobyernong kadalasang nagkakaroon ng kagipitan sa emergency resources sa panahon ng kalamidad, at maaaring hindi makatanggap ang mga taong nakarehistro ng tulong, o kung meron man, maaaring bumilang sila ng oras o araw bago nila matanggap ito.

Ang registry ay hindi isang daan upang ipamigay ang pisikal na resources sa panahon ng emergency. Ang mga registry ay isang tool na ginagamit upang

mabigyan ang mga taong nakarehistro dito ng mga impormasyon ukol sa sakuna sa pamamagitan ng telephone notification o personal na pagbisita sa kanila. Dahil dito, kailangang ipagpatuloy ng mga taong nakarehistro dito ang mga paghahandang isinasagawa nila para sa kanilang sarili at sa kanilang pamilya sa panahon ng kalamidad.

Kahit na may disaster registry ang mga hurisdiksiyon, hindi nila dapat isiping kumpleto na ang kanilang evacuation planning dahil meron silang registry.

## Transportation at Evacuation Operations na Isinasaalang-alang ang AFN

Upang matugunan ang mga pangangailangan sa transportasyon ng mga indibidwal na may access at functional needs sa panahon ng malawakang evacuation, malaking advanced planning ang kinakailangan dito. Mahalagang maunawaan ng mga hurisdiksiyong hindi lahat ng tao sa komunidad ay may accessible at/o siguradong transportasyon at marami sa mga tao ang mangangailangan ng transportasyon upang makarating sa ligtas na lugar. Kailangang isaalang-alang ng mga hurisdiksiyon ang mga kalagayang ito sa buong planning process nila.

Kailangang bumuo ng **kontrata** ang mga hurisdiksiyon sa bawat local service provider nila.

Kailangang magplano nang mas maaga ang mga hurisdiksiyon upang makabuo ng epektibong evacuation process para sa mga indibidwal na may access at functional needs na nangangailangang ilipat mula sa kanilang bahay, apartment, school, neighborhood, at medical o nursing facilities. Bagamat ang facilities na ito ay may sariling plano, ang mga hurisdiksiyon ang responsable upang masiguro na ang bawat isa ay may access sa mga transportasyon para sa emergency evacuation. Dapat ding i-address ng mga hurisdiksiyon ang mga lugar sa komunidad na may limitadong public transportation at pag-aralan kung paano magagamit ng mga indibidwal na may kapansanan at taong may access at functional needs ang mga accessible na transportasyon.

### *Pagpili ng mga Transportation Resources*

Sa panahon ng sakuna, maraming tao ang mangangailangan ng emergency transportation upang ligtas silang makapag-evacuate. Upang masiguradong maihahatid sa tamang oras ang mga serbisyo sa emergency transportation, kailangang bumuo ang mga hurisdiksiyon ng kontrata sa bawat local service provider nila, kabilang na ang mga paratransit agencies.

Sa oras ng malawakang sakuna, mas malamang na mas marami ang tao na mangangailangan ng tulong para sa emergency evacuation kumpara sa bilang ng available na transportasyon sa isang lugar. Upang masolusyunan ang problemang ito, at para na rin magkaroon sila ng surge capacity, kailangan ding gumawa ng kasunduan ang mga hurisdiksiyon sa mga transportation provider sa

mga kalapit na lugar upang magamit ang resources na ito sa oras ng pangangailangan.

Malaki ang maitutulong ng mga non-profit at community-based na organisasyon at miyembro ng AFN Advisory Committee ng hurisdiksiyon sa mga emergency planner upang matukoy ang mga accessible na transportasyon sa isang lugar (hal., paratransit, community partner vehicles, shuttles, buses). Makatutulong din ang mga community partner upang matukoy ang mga strategy na maaaring gamitin at upang makakuha ng mga transportation resources na maaaring gamitin sa oras ng emergency evacuation.

### *Pagpili ng Transportation Provider*

Kailangang maging creative at marunong magsaalang-alang ng hindi tradisyunal na resources ang mga hurisdiksiyon sa pagpili ng mga potensiyal na transportation provider na pwedeng gawing partner nila. Ang mga halimbawa ng potensiyal na transportation partner ay:

| | | | |
|---|---|---|---|
| Hotel Shuttles | Adult Day Health Care (ADHC) | Tour Companies | Healthcare Centers |
| Amusement Parks | Area Agencies on Aging | Senior Centers | School District Transportation Systems |
| Recreation Centers | Airport Shuttle Buses | Airport Rental Cars | Disability Service Providers |
| Casino Shuttles | Independent Living Centers | Regional Centers | Taxi Services |
| Tour Bus Companies | County Fairgrounds Shuttles | Private Ride Share Companies | Simbahan/Religious Institutions |

## Kontrata at Transportation Provider

*Intra-Jurisdictional Contracts*

Lubhang napakahalaga ang pagkakaroon ng kontrata sa mga transportation provider sa loob ng nasasakupan ng komunidad. Ang mga kontrata ay napakahalaga sa pagkakaroon ng epektibong evacuation at kailangang malinaw dito ang:

- Role/Responsabilidad– Kailangang malinaw ang mga role (hal., sino ang magbibigay ng tulong sa evacuation)
- Activation – Tukuyin kung sino ang ia-activate, kailan, at kung sino ang mag-aactivate nito
- Assets – Alamin kung ilan, at kung anong uri, ang mga asset na available
- Response Time – Kalkulahin ang oras na kailangan sa pagtugon sa emergency
- Liability – Alamin kung ano ang nilalaman ng liability coverage

Kailangang malinaw na ilagay sa kontrata na kailangang ihatid 24/7 ang serbisyo para sa emergency evacuation sa pamamagitan ng on-demand na serbisyong katulad ng sa taxi, at walang anumang bayad na hihingin sa gagamit nito, at kasama sa mga resources ang accessible na transportation assets.

Dapat magkaroon ang mga hurisdiksiyon ng listahan ng lahat ng transportation/evacuation contract sa Emergency Operations Center.

## Kontrata sa mga Kalapit na Hurisdiksiyon

Sa pangmalawakang evacuation, maaaring hindi sapat ang mga transportation resources sa loob ng isang hurisdiksiyon upang i-evacuate ang lahat ng nangangailangan ng tulong. Upang magkaroon ng transportation surge capacity, at bilang bahagi ng kanilang local planning process, kailangang pumasok sa kasunduan at gumawa ng transportation contract ang hurisdiksiyon sa mga provider at vendor na nasa kalapit na hurisdiksiyon.

> Kailangang pumasok sa kasunduan at gumawa ng kontrata ang mga komunidad sa mga transportation provider sa mga kalapit ng hurisdiksiyon **upang magkaroon ng available na surge capacity** sa panahon ng malawakang evacuation

Upang masigurado ang pagkakaroon ng tuloy-tuloy na serbisyo, kailangang kumuha ang mga planner ng higit sa isang vendor na maghahatid ng transportation at evacuation services. Makatutulong ito upang magkaroon ng dagdag na accessible na transportation resources sa panahon ng malawakang evacuation.

Ang pagpaplano ng hurisdiksiyon ay napakahalaga upang masiguro ang epektibo at inclusive na evacuation. Mahalaga rin ang pagkakaroon ng personal na paghahanda dahil nakatutulong ang pagsasagawa ng mga kinakailangang pag-iingat bago tumama ang sakuna upang makabuo ng strategy at ligtas na resources ang isang indibidwal na makatutulong sa kanya na mapalaki ang tiyansa niyang makaligtas sa sakuna kung sakaling ma-delay o hindi available ang tulong mula sa gobyerno.

Sa mga susunod na section, matatagpuan ang mga rekomendasyon sa mga indibidwal na may access at functional needs upang mas pagbutihin ang kanilang personal na paghahanda.

# Section 2: Personal Planning para sa mga Indibidwal na may Access at Functional Needs

Ang kakayahan ng isang tao na epektibong makapag-evacuate sa panahon ng emergency ay maaaring nakasalalay sa pagpaplano at preparasyon na isinasagawa niya sa kasalukuyan. Ang section na ito ay naglalaman ng mga rekomendasyon na maaaring gamitin ng mga indibidwal na may access at functional needs upang makapaghanda sila sa emergency evacuation.

## Alamin ang mga Uri ng Emergency sa Iyong Rehiyon/Lugar

Napakahalagang malaman mo kung ano ang mga uri ng emergency na maaaring tumama sa iyong rehiyon. Maging handang gamitin ang impormasyong ito sa iyong personal na sitwasyon at gawin ang lahat ng iyong makakaya upang sundin ang mga tagubilin ng mga awtoridad. At higit sa lahat, manatiling kalmado, huwag magpadalos-dalos, at mag-isip bago kumilos. Sa pamamagitan ng simpleng paghahandang ito, maaaring maging handa ka na sa evacuation sa oras ng emergency o sakuna.

## Siguraduhing may Emergency Alerts Ka

Sa oras ng emergency, kailangang alamin mo ang lahat ng impormasyon ukol sa mangyayari, panahon ng evacuation, at lugar na dapat puntahan. Gamitin ang mga sumusunod na resources upang makatanggap ng mahahalagang alert at impormasyon sa kaligtasan.

Alamin ang mga Impormasyon:

- ✓ Pumunta sa CalAlerts.org at mag-sign up upang makatanggap ng libreng emergency alert
- ✓ Gamitin ang 2-1-1 o notification line na katulad nito para sa mga mahahalagang emergency information
- ✓ Manood or makinig sa mga local news para sa mga balita na may kinalaman sa emergency
- ✓ Hanapin ang pangalan at frequency ng Emergency Radio System ng county mo
- ✓ Sundan ang mga local emergency management, fire, at law enforcement agencies online at sa pamamagitan ng social media

Mga Online Resources:

- ✓ Mag-sign up sa mga earthquake alerts at impormasyon gamit ang MyShake app
- ✓ Ang news.caloes.ca.gov ay may mga latest emergency information,
- ✓ Ang response.ca.gov ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga active na wildfire, power shutoff, shelter, at pagsasara ng mga daan
- ✓ Ang ready.gov ay nagbibigay ng mga impormasyon ukol sa kaligtasan para sa mga indibidwal at pamilya

## Gumawa ng Plano

Isipin ang mga taong maaaring tumulong sa 'yo upang ligtas kang makapag-evacuate sa oras ng emergency (hal., pamilya, kapitbahay, kaibigan, o care provider).

*Gumawa ng Contact List*

- Gumawa ng contact list ng mga kaibigan mo, miyembro ng pamilya, kasamahan sa trabaho, kapitbahay, o iba pang taong maaaring makatulong sa 'yo sa evacuation
- Pag-usapan ang disaster plan mo sa iyong mga support network at, kung maaari, isama sila sa evacuation planning process mo

- Isulat ang mga phone number at website address ng mga lokal na provider ng accessible na transportasyon
- Tanungin ang mga school ukol sa mga plano nila upang pagsama-samahin ang mga magulang at anak
- Siguraduhing alam ng support network mo ang mga evacuation destination mo
- Magplano para sa pagsasagawa ng evacuation na may iba't ibang lokasyon dahil maaaring magbago ang meeting place mo ayon sa kalamidad

### *Magplano sa Labas ng Iyong Immediate na Personal Support Network*

- Kung sumasailalim ka sa regular treatment sa klinika o ospital, kausapin ang service provider mo ukol sa kanilang emergency evacuation plan
- Alamin ang mga back-up na service provider sa lugar na maaari mong puntahan kung sakaling magkaroon ng evacuation sanhi ng emergency o sakuna

### *Paano Mag-evacuate*

- Ngayon, isipin mo ang mga posibleng problemang maaari mong maranasan sa oras ng evacuation sa panahon ng sakuna at maplano alinsunod dito
- Sundin ang mga patnubay at tagubilin ng mga lokal na awtoridad
- Isagawa ang evacuation mo nang maaga kung kailangan mo ng extrang oras o tulong upang makaalis ka sa tinitigilan mo
- Alamin ang iba't ibang daang maaari mong gamitin sa oras ng evacuation upang makaalis ka sa komunidad mo
- Siguraduhing meron kang papel na mapa kung sakaling hindi gumagana ang internet at cell services at siguraduhing meron kang Evacuation Planning Area Map ng iyong county, kung available ito
- I-practice ang evacuation; gamitin ang transportasyon na gagamitin mo sa oras ng kalamidad at isama dito ang mga tao na kabilang sa support network mo
- Kung wala kang personal na transportasyon, alamin ang mga local transit agencies/providers
- Maghanda ng Go Bag na naglalaman ng mga supply na kakailanganin mo

*Isama sa Plano ang Service Animal at Pets Mo*

- Gumawa ng plano para sa iyong service animal at pets
- Tandaan na kung ano ang pinakamainam sa 'yo, ay kadalasan ding pinakamainam para sa mga alagang hayop mo
- Tandaan na ang mga service animal ay pinapayagan sa loob ng mga emergency shelter

Karagdagang Pagpaplano:

- ✓ Gagawin ng mga responder ang mga nararapat upang siguraduhing ikaw at ang support system mo ay mananatiling magkakasama, katulad ng pamilya mo, service animal, personal caregiver, o assistive technology device at supply mo
- ✓ Makipagtulungan sa mga local services, public transportation, o paratransit upang malaman ang lahat ng mga accessible transportation na mayroon
- ✓ Alamin ang mga evacuation route mula sa iyong bahay, trabaho, school, neighborhood, siyudad, o area mo at gamitin ito bago tumama ang sakuna upang maging pamilyar ka dito
- ✓ Sabihin sa support network mo kung nasaan ang iyong emergency supplies at isaalang-alang mong bigyang-tiwala ang isang taong magkaroon ng access sa tirahan mo
- ✓ Kung sumasailalim ka sa dialysis o iba pang life-sustaining treatment, alamin ang lugar ng higit sa isang facility
- ✓ Siguraduhing inilalahad sa emergency information mo ang pinakamainam na paraan upang makipag-communicate sa 'yo

## Paghahanap ng Shelter

Kung sakaling magkakaroon ng evacuation, gamitin ang 2-1-1 (kung available), ang American Red Cross shelter locator, at iba pang local services upang maghanap ng emergency shelter. Ang lahat ng mga shelter na sinusuportahan ng gobyerno sa California ay physically at programmatically accessible. Kung may mga concern ka ukol sa paghahanap ng shelter, alaming:

- Ang mga emergency shelter ay available sa buong komunidad

- Inaatas ng California law na ang lahat ng public shelter ay dapat na accessible
- Ang mga service animal ay pinapayagan sa loob ng mga public shelter

## Maghanda ng Go Bag

*Ihanda ang Bag Nang Mas Maaga*

Ang Go Bag ay dapat na maglaman ng mga mahahalagang bagay na kakailanganin mo kung sakaling atasan kang mag-evacuate. Sa paghahanda ng Go Bag bago mangyari ang sakuna, magiging handa na ito sa anumang oras. Mga tips na dapat isaalang-alang:

- Isipin ang mga survival basics katulad ng pagkain, tubig, first aid, at mga tools
- Planuhin ang kaligtasan mo para sa loob ng tatlong araw o higit pa
- Isaalang-alang na maghanda ng dalawang bag: ang isa ay para manatili sa lugar na tinitirhan mo at isa pang bag na mas magaan at mas maliit na maaari mong dalhin kung sakaling kailanganin mong lisanin ang bahay mo (dapat na makakaya mong dalhin ang bag na ito sa loob ng pitong (7) araw o higit pa)
- Maghanda ng bag sa anumang lugar na madalas na pinupuntahan mo, katulad ng bahay, trabaho at/o sasakyan

*Isama ang Mahahalagang Dokumento sa Go Bag Mo*

- Isama ang mga kopya ng mahahalagang dokumento sa Go Bag mo, katulad ng family records, medical records, wills, deeds, social security numbers, charge at bank account information, at tax records
- Isama ang mga kopya ng mga medical prescription, medical order, at manufacturer/model at serial numbers ng mga assistive device na ginagamit mo
- Isama sa bag ang mga kopya ng ID at insurance cards mo
- Magdala ng mapa at mga contact list
- Isama ang listahan ng mahahalagang contact mo upang matawagan mo ang mga taong mahalaga sa ‘yo at nagpapahalaga sa ‘yo

    - Mas mabuting ilagay ang mga dokumentong ito sa isang waterproof na lalagyan; kung may anumang impormasyon sa paggamit ng equipment o life-saving device na ginagamit mo, isama rin ito sa emergency kit mo

- Isama ang mga pangalan at numero ng lahat ng mga taong bahagi ng personal support network mo, at pati na rin ang iyong medical at disability service providers

Ang mga karagdagang bagay na maaari mong ilagay sa Go Bag mo ay:

- ✓ Mga isang linggong supply ng anumang gamot o medical supply na regular mong ginagamit, o kung gaano man karami ang maaari mong madala
- ✓ Medical alert tags o bracelet o written description ng iyong kapansanan at uri ng tulong na kailangan mo, kung sakaling hindi mo mailarawan ang sitwasyon mo sa oras ng emergency
- ✓ Medical insurance cards, Medicare/Medicaid cards, physician contact information, listahan ng iyong mga allergy at health history mo
- ✓ Extrang salamin sa mata; backup supplies para sa mga visual aids na ginagamit mo
- ✓ Extra batteries para sa hearing aids; extra hearing aids kung meron man (o kung meron kang insurance coverage para dito)
- ✓ Kung may disability kang may kinalaman sa komunikasyon, siguraduhing nakasulat sa emergency information mo ang pinakamainam na paraan upang kausapin ka; kahit na hindi ka gumagamit ng computer, isaalang-alang mong ilagay ang mga mahahalagang impormasyon mo sa isang portable thumb drive upang mas madali itong madala sa oras ng evacuation
- ✓ Battery charger para sa motorized wheelchair, o iba pang battery-operated na medical/assistive technology devices
- ✓ Supply para sa iyong service animal

*Magdala ng Cash sa Oras ng Evacuation (Small Denomination)*

- Kung magkakaroon ng power outage, maaaring hindi gumana ang mga credit at debit card readers, at maaaring hindi ka makakuha ng cash mula sa mga ATM

*Mga Bagay/Tips para sa mga Taong **Bingi o May Mahinang Pandinig***

- Siguraduhing meron kang weather radio na may text display at flashing alert
- Maglaan ng extra batteries o chargers para sa hearing aids o cochlear implants
- Mag-install ng smoke alarm na may mga signal na maaaring makita at madinig

- Isaalang-alang na magdala ng printed copy ng mga mahahalagang sentence katulad ng "I use American Sign Language (ASL) and need an ASL interpreter" o "If you make an announcement, please write it down for me."

*Mga Bagay/Tips para sa mga Taong* ***Bulag o Malabo ang Paningin***

- Lagyan ang mga emergency supplies ng Braille labels o malalaking print
- Ilagay ang listahan ng iyong emergency evacuation information sa isang portable flash drive o gumawa ng audio file at itago ito sa ligtas na lugar
- Ilagay ang mga communication device sa iyong emergency supply kit
- Magsama ng extrang salamin sa mata o magnifying devices
- Ihanda ang iyong service animal o pets at planuhin ang kanilang pagkain, tubig at mga supply
- Kung gumagamit ka ng tungkod, maglagay ng extrang tungkod sa trabaho, school, atbp.

*Mga Bagay/Tips para sa mga Taong may* ***Problema sa Pagsasalita (Speech Disability)***

- Magdala ng instruction card kung paano mo gustong makipag-usap ang mga tao sa 'yo kung hindi gumagana ang iyong equipment o assistive devices, kasama na dito ang mga laminated cards na may nakasulat na mga salita at/o pictograms
- Huwag kalimutan ang model information ng iyong assistive equipment
- Magdala ng ballpen at papel o whiteboard at marker

*Mga Bagay/Tips para sa mga Taong may* ***Problema sa Pagkilos***

- Dalhin ang charging cords mo kung gumagamit ka ng power wheelchair o prosthesis na nangangailangan ng regular na charging
- Magdala ng patch kit o sealant para sa flat na gulong at iba pang tools na kailangan katulad ng portable na air pump
- Magdala ng extrang mobility device, katulad ng tungkod o walker, kung kailangan

*Mga Bagay/Tips para sa mga Taong may* ***Sensory Disability***

- Magdala ng electronic device na may mga movies o games

- Magdala ng headphones upang mabawasan ang auditory distraction
- Magdala ng dark glasses upang mabawasan ang visual stimulation
- Magdala ng mga bagay na makakabawas ng pagkabalisa katulad ng fidget toys, chewable jewelry, stress balls, o bubbles, na maaaring makatulong bilang distraction

*Mga Bagay/Tips para sa mga Taong may **Developmental Disability***

- Magdala ng mga handheld devices na charged na at may lamang videos at activities
- Isaalang-alang na magdala ng noise-canceling headphones upang mabasawan ang auditory stimuli
- Alamin kung sino ang mga mapagkakatiwalaang taong maaari mong asahan sa oras ng sakuna
- I-practice ang iyong plano upang maging confident ka dito at maramdamang mong ligtas ka

*Mga Bagay/Tips para sa mga Taong **Nangangailangan ng Medikasyon***

- Magdala ng isang linggo o higit pang supply ng prescription medicine mo
- Magdala ang listahan ng lahat ng gamot na iniinom mo at ang dosage nito, at mga allergy mo
- Magdala ng kopya ng iyong medical information kasama na ang listahan ng iyong mga prescription at prescriber

# Konklusyon

Ang epektibong evacuation ay hindi nagmumula sa wala. Kailangang kumilos ang mga hurisdiksiyon upang isulong ang kanilang plano at patakaran para sa inclusive evacuation na tumutulong sa pangangailangan ng buong komunidad, pinatatatag ito at pinagbubuti ang paghahanda nito sa emergency. Ang daan upang makamit ang epektibong evacuation planning ay nangangailangan ng pakikipagtulungan mula sa mga stakeholders na may access at functional needs sa lahat ng mga hakbang ng development process nito.

Ang pagsigurong ang buong komunidad ay nakakatanggap at nakakagamit ng mga impormasyong may kinalaman sa evacuation, nakakatanggap ng accessible na transportation services, at ligtas na nakakapag-evacuate mula sa kanilang lugar ng trabaho, school, at tirahan, ay nangangailangan ng pagsasagawa ng maingat, coordinate at inclusive na pagpaplano mula sa mga hurisdiksiyon.

Kailangang isaalang-alang din ng mga evacuation plan ang pagkakaroon ng nasa oras at regular na paghahatid ng effective na impormasyong nauukol sa evacuation. Ang komunikasyon ng mga mahahalagang elemento ng evacuation plan ay dapat na isagawa sa paraan na accessible at gumagamit ng iba't ibang epektibong paraan upang makarating ito sa buong komunidad. Kailangang sikapin ng mga hurisdiksiyong masiguradong ang bawat isa ay may access sa mga evacuation transportation resources sa oras ng emergency.

Ang pagpasok sa kasunduan at pagsasagawa ng kontrata sa mga lokal na transportation provider, o sa mga nagmumula sa karatig na lugar, ay napakahalaga upang masiguro ang pagkakaroon ng emergency transportation resources at paghahatid ng nasa oras na serbisyo ng evacuation sa panahon ng malawakang evacuation.

Kailangang bigyang-tuon ng mga indibidwal na may access at functional needs ang pagpapabuti ng kanilang personal na paghahanda upang makatulong na maging matagumpay ang evacuation na isinasagawa sa oras ng kalamidad. Ang personal na paghahandang ito ay nakatutulong upang mabawasan ang epekto ng sakuna sa mga indibidwal, pamilya, at komunidad at nakatutulong upang mas makontrol ng mga taong involved ang sitwasyon.

Ang matagumpay na evacuation planning ay bunga ng pagtutulungan ng buong komunidad. Dinadala ng mga masusugid na partner ang kanilang karanasan sa sitwasyon, at ginagamit ang mga ito upang makabuo ng mga produktong mas mainam at mas may kultural na kahalagahan.

Kailangang patuloy na i-improve ng mga hurisdiksiyon ang kanilang mga evacuation plan, isama ang komunidad sa pabago-bago nitong pangangailangan, alamin ang mga nagbabadyang panganib at matuto sa mga karanasan mula sa mga nakaraang kalamidad. Sa pamamagitan nito, magkakaroon sila ng life-saving at life-changing na epekto sa lahat ng mga Californian.

## Appendix A – Checklist para sa Transportation Agreement

Sa pagsasagawa ng kontrata sa mga internal at external na county transportation service provider, kailangang i-address ng mga hurisdiksiyon ang mga sumusunod:

| Checklist para sa Transportation Agreement<br><br>Ang mga kasunduan ay dapat na isagawa kung saan nasisiguradong ang bawat kahon sa kanan ng bawat section ay pwedeng i-check na affirmative | | I-check ang kahon kung ang mga sumusunod ay naaayon |
|---|---|---|
| Layunin | Ang mga tao ba na may access o functional needs ay may pantay na access sa mga programa at serbisyo bilang resulta ng kasunduan? | ☐ |
| Saklaw ng mga Gawain | Sa kasunduang ito, nabibigyan ba ang mga tao na may access at functional needs ng accessible na transportasyon papunta/mula sa mga emergency shelter, cooling center, atbp.? | ☐ |

| | | |
|---|---|---|
| Term/Period ng Serbisyo | Nakasulat ba sa kasunduang ito ang mga kalagayan kung saan isasagawa ang mga serbisyo at kung kailan ito magsisimula at magtatapos? | ☐ |
| Mga Project Representative | Nakalagay ba sa kasunduan kung sino ang tatayong 24/7 na project representative(s) para sa hurisdiksiyon at para sa vendor? | ☐ |
| Halaga ng Budget | Nakasulat ba sa kasunduan kung magkano ang bayad sa serbisyo sa ilalim ng kasunduang ito? | ☐ |
| Mga Service Task/ Procedure | Nakasulat ba sa kasunduan ang mga ispesipikong serbisyo at ang pamamaraan ng pagsasagawa o pagre-request ng mga serbisyong ito? | ☐ |
| Mga Responsabilidad ng Vendor | Nakalista ba sa kasunduang ito ang mga responsabilidad ng vendor bago, sa panahon, at pagkatapos ng mga evacuation (hal., maintenance ng vehicle/ramp, licensing, service records)? | ☐ |
| Pagbahagi ng Kontrata sa mga Driver | Nababatid ba ng mga paratransit driver ang kanilang mga responsabilidad sa ilalim ng kasunduang ito, bago, sa panahon, at pagkatapos ng mga evacuation? | ☐ |
| Mga Responsabilidad ng Jurisdiction | Nakasulat ba sa kasunduang ito ang mga responsabilidad ng hurisdiksiyon bago, sa panahon ng, at pagkatapos ng mga evacuation (hal., pagbibigay ng impormasyon, serbisyo ng komunikasyon, equipment)? | ☐ |
| Libreng Serbisyo | Ang mga serbisyo ba ay libre para sa mga evacuees? | ☐ |
| 24/7 Service | Ang mga serbisyo ba ay available 24/7 nang walang malaking lead time mula sa mga evacuees? | ☐ |

| | | |
|---|---|---|
| Phone Number | May valid phone number bang available 24/7 para sa evacuees upang masiguro ang pagkakaroon ng on-demand na serbisyo ng transportasyon? | ☐ |
| Information Campaign | Nakasulat ba sa kasunduang ito kung sino ang magiging responsable sa pamimigay ng impormasyon ukol sa mga serbisyong ito at kung paano ito isasagawa (hal., pagkakaroon ng isang accessible at valid na webpage na nagbibigay ng impormasyon at tumutulong upang makatanggap ng serbisyo ng transportasyon)? | ☐ |

# Appendix B – Mga Acronym at Abbreviation

| | |
|---|---|
| AB | Assembly Bill |
| ADA | Americans with Disabilities Act |
| ADHC | Adult Day Health Care |
| AFN | Access and Functional Needs |
| ASL | American Sign Language |
| CALIF | Communities Actively Living Independent and Free |
| Cal OES | California Governor's Office of Emergency Services |
| CBOs | Community-Based Organizations |
| CFILC | California Foundation for Independent Living Centers |
| DRC | Disability Rights California |
| EOC | Emergency Operations Center |
| EOP | Emergency Operations Plan |
| IC | Incident Commander |
| OA | Operational Area |
| OAFN | Office of Access and Functional Needs |
| SCDD | State Council on Developmental Disabilities |

## Mga Sanggunian


- AB 2311 (Assembly Bill 2311, Brown, Chapter 520, Statutes of 2016) Retrieved July 3, 2023, from: http://leginfo.legislature.ca.gov/faces/billNavClient.xhtml?bill_id=201520160AB231
- ADA Compliance – United States Department of Justice Retrieved July 3, 2023, from: http://www.ada.gov/
- ADA Accessibility Guidelines for Buildings and Facilities Retrieved July 3, 2023, from: https://www.access-board.gov/guidelines-andstandards/buildings-and-sites/about-the-ada-standards/background/adaag
- ADA Accessibility Guidelines (New) Side-by-Side Comparison July 3, 2023, from: http://www.ada.gov/adasidebyside.pdf
- ADA Best Practices Tool Kit for State and Local Governments. (2007) (Chapter 7) U.S. Department of Justice, Civil Rights Division, Disability Rights Section Retrieved July 3, 2023, from: http://www.ada.gov/pcatoolkit/toolkitmain.htm
- ADA Guide for Local Governments – Making Community Emergency Preparedness and Response Programs Accessible to People with Disabilities, Retrieved July 3, 2023, from: http://www.ada.gov/emergencyprep.htm
- ADA Olmstead: Community Integration for Everyone, Retrieved July 3, 2023, from: http://www.ada.gov/olmstead/index.htm
- ADA Project Civic Access – United States Department of Justice Retrieved July 3, 2023, from: http://www.ada.gov/civicac.htm
- ADA Title II Technical Assistance Manual U.S. Department of Justice, Retrieved July 3, 2023, from: http://www.ada.gov/taman2.html
- AARP – (2006) We Can Do Better: Lessons Learned for Protecting Older Persons in Disasters Retrieved July 3, 2023, from http://assets.aarp.org/rgcenter/il/better.pdf
- AARP Bulletin – (2008) The Midwest Floods – An Emergency Plan that Worked Retrieved July 3, 2023, from: https://www.aarp.org/home-garden/livable-communities/info-04-2009/the_midwest_floods_an_emergency_disaster_plan_that_worked.html
- Bach, R., Duran, R., Gibb, L., Kaufman, D., & Settle, K. (2010) Policy Challenges in Supporting Community Resilience Retrieved July 3, 2023, from: http://www.jik.com/SupportingCommunityResilienceLondon2010.-pdf
- California Access and Functional Needs Web Map Retrieved July 3, 2023, from: www.caloes.ca.gov/AFNwebmap
- California State Emergency Plan Retrieved July 3, 2023, from: https://www.caloes.ca.gov/office-of-the-director/operations/planning-

preparedness-prevention/planning-preparedness/state-of-california-emergency-plan-emergency-support-functions/

- FCC Federal Communications Commission Retrieved July 3, 2023, from: https://www.fcc.gov
- FEMA Integrated Public Alert and Warning System (IPAWS) Retrieved July 3, 2023 from: https://www.fema.gov/integrated-public-alert-warning-system
- Rehabilitation Act Section 508 Retrieved July 3, 2023, from: http://www.section508.gov/
- Web Accessibility Initiative Retrieved July 3, 2023, from https://www.w3.org/WAI/
- Federal Transit Administration: Disaster Response and Recovery Resource for Transit Agencies. (2006) Retrieved July 3, 2023, from: https://www.transit.dot.gov/sites/fta.dot.gov/files/docs/ProtectiveMeasures.pdf
- Federal Transit Administration: Transit Agency Security and Emergency Management
- Protective Measures (2006). Retrieved July 3, 2023, from: https://www.transportation.gov/disasterrecovery/guidance/federal-responsibilities
- Office of Access and Functional Needs Retrieved July 3, 2023, from https://www.caloes.ca.gov/Cal-OES-Divisions/Access-Functional-Needs
- Transportation Research Board of the National Academies, Washington, D.C.: Communicating with Vulnerable Populations: A Transportation and Emergency Management Toolkit. (2011) Retrieved July 3, 2023, from: http://www.trb.org/Main/Blurbs/166060.aspx
- Transportation Research Board of the National Academies, Washington, D.C.: Continuity of Operations (COOP) Planning Guidelines for Transportation
- Agencies (2011) Retrieved July 3, 2023, from: https://www.trb.org/Publications/Blurbs/156474.aspx
- Transportation Research Board of the National Academies, Washington, D.C.: Public Transportation Emergency Mobilization and Emergency Operations Guide (2011) Retrieved July 3, 2023, from: https://onlinepubs.trb.org/onlinepubs/tcrp/tcrp_rpt_86v7.pdf
- Transportation Research Board of the National Academies, Washington, D.C.: The Role of Transit in Emergency Evacuation (2011)